


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

2

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikatatlong Markahan - Modyul 3 :

## Sanhi at Bunga



Pangalan: ___________________________________

Baitang/Seksyon: ______________________________

Paaralan: ___________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Eva B. Cabilin
**Editor:** Lindo O. Adasa Jr.
**Tagasuri:** Dhory Jane Eguia Cagas
Julieta H. Tibon
Roderick R. Luna
Jephone P. Yorong, Ed. D.
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Edgardo Jamilar Jr.

**Tagalapat:** Peter Alavanza
**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambolo,CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed. D.
Ella Grace M. Tagupa, Ed. D.
Jephone P. Yorong, Ed. D.
Lindo O. Adasa Jr.



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

❖ Makapag-uugnay ng sanhi at bunga ng mga pangayayari sa binasang talata at teksto.



# Balikan

***Panuto: Piliin at salungguhitan ang panghalip panao sa loob ng panaklong na dapat gamitin sa bawat pangungusap.***

1.) ( Siya, Ikaw, Ako ) si Ana Perez, ang inyong guro sa Filipino.
2.) Kung ( sila, ikaw, ako ) ay hindi makapasok bukas, ipasabi mo nalang sa iyong kamag-aral.
3.) Marami ( kami, sila, tayo ) na aakyat sa bundok. Gusto mo bang sumama?
4.) Sina Rina at Mara ay maka-Diyos. Tutularan mo ba ( kami, kayo, sila )?
5.) ( Kayo, Tayo, Kami) na ang bahalang sumagot sa mga tanong nila.

| Aralin 3 | Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari |
|---|---|



## Tuklasin

***Basahin at unawaing mabuti ang maikling kuwento at sagutin ang mga kasunod na tanong kaugnay nito (1 puntos bawat bilang).***

**Ang Mangingisda**



Sa mga bayang malapit sa dagat, ang pangunahing hanapbuhay ay ang panghuhuli ng isda. Dahil sa gusto ng ibang mga mangingisda na makahuli ng maraming isda, sila ay gumagamit ng dinamita. Isa na rito si Mang Juan. Marami siyang nahuhuling isda. Kahit na maliliit na isda ay kasamang nahuhuli. Tuwang-tuwa siya kung maraming huli.

Isang gabi, bigla na lamang nakarinig ang taong-bayan ng malakas na pagsabog sa dagat. *May sumabog palang isang Bangka dahil sa dinamita*.

(*Ang Bagong Batang Pinoy Filipino 2*, Garcia, N.S., et.al, Unang Edisyon, 2013, p.351)

_______1.) Ano ang hanapbuhay ni Mang Juan?

A.magsasaka
B.mangingisda
C.sundalo

_______2.) Paano siya nanghuhuli ng isda sa dagat?

A.gumamit siya ng lambat
B.gumamit siya ng bingwit
C.gumamit siya ng dinamita

_______3.) Maganda ba ang paraan nila sa pangingisda batay sa kuwento? Bakit?

A.Hindi, dahil pati maliliit na isda ay namamatay.
B.Hindi, dahil mahal ang dinamita.
C.Hindi, dahil sasabog ang bangka.



## Suriin

Sa araling ito, maiuugnay mo ang **sanhi** at **bunga** sa mga pangyayaring nagaganap. Mula sa binasang kuwento, may mga pangungusap at parirala na nakasalungguhit. Ang mga ito ay nagpapahayag ng sanhi at bunga ng mga pangyayari. Balikan ang mga pangungusap sa kuwento at suriin.

Basahin ang mga sumusunod.

1. Dahil sa gusto ng mga mangingisda na makahuli ng maraming isda – **sanhi**
   Sila ay gumagamit ng dinamita – **bunga**
2. May sumabog na isang Bangka – **bunga** dahil sa dinamita – **sanhi**

Pagkatapos suriin ang mga pangungusap at parirala, mauunawaan mo na:

- Ang sanhi ay nagsasaad ng dahilan ng isang pangyayari.
- Ang bunga naman ay ang epekto o resulta ng isang pangyayari.



# Pagyamanin

**Panuto:** ***Basahin ang bawat pahayag. Ikahon ang sanhi at salungguhitan ang bunga.***

1. Narinig nilang tinugtog ang pambansang awit. Tumigil sila sa paglalakad at tumayo ng tuwid.
2. Nanalo siya sa paligsahan sa pag-awit.
   Nagsanay siya nang mabuti bago pa dumating ang paligsahan.
3. Nilinis ng mga lalaki ang kanal.
   Natuwa ang kanilang punong barangay.



# Gawain

**Gawain A**

**Panuto:** ***Salungguhitan ang sanhi at bilugan ang bunga.***

1. Masayang naglaro sa ulan si Gilbert.
   Nilagnat siya.
2. Nadulas si Felix.
   Itinapon ni Melly ang balat ng saging sa daan.
3. Mahilig kumain ng junk foods si Lito.
   Laging sumasakit ang kanyang tiyan.

**Gawain B**

***Panuto: Kilalanin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat sa patlang kung ito ay sanhi o bunga.***

1.) Mainit ang paligid. ____________________
2.) Pinutol ang mga puno. ____________________
3.) Tinapon ang basura sa ilog.____________________



# Isaisip

Sa modyul na ito, natutuhan ko na ang **sanhi** ay nagsasaad ng dahilan ng isang pangyayari. Samatalang ang **bunga** naman ay ang epekto o resulta ng isang pangyayari.



# Tayahin

***Panuto: Hanapin sa mga sumusunod ang bunga sa mga sanhi sa bawat bilang.***

a. maraming hayop at ari-arian ang napinsala
b. nasunog ang bahay
c. nagkasakit ang mga tao
d. baha sa kalye
e. nahulog siya

______1. Naglaro ng apoy si Totoy
______2. Umapaw ang rumaragasang tubig sa sapa
______3. Nagtapon ng basura kung saan-saan
______4. Malakas ang buhos ng ulan
______5. Umakyat sa puno si Roy




# Karagdagang Gawain

**Panuto:** ***Lagyan ng tsek ☑ ang mga sanhi ng kalamidad.***







## *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

1. Ako
2. ikaw
3. kami
4. Sila
5. Kayo

**Tuklasin**

1. B
2. C
3. A

**Gawain A**

1. Masayang naglaro sa ulan si Gilbert. Nilagnat siya.
2. Nadulas si Felix. Itinapon ni Melly ang balat ng saging sa daan
3. Mahilig kumain ng junk foods si Lito. Laging sumasakit ang kanyang tiyan.

**Gawain B**

1. bunga
2. sanhi
3. sanhi

**Tayahin**

1. b
2. a
3. c
4. d
5. e

# *Sanggunian:*

Garcia, N.S. et al (2013). *Ang Bagong Batang Pinoy Filipino 2*. Pasig City: Rex Bookstore, Inc., pp. 344-345

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.